## Suriin ang mga kandidato batay sa
# Luntiang Katutubong Adyenda




### Ang Kalikasan at Lupaing Ninuno

- ☑ Pinoprotektahan ang mga lupaing ninuno sa iba't ibang rehiyon.
- ☑ Nirerespeto ang karapatan ng katutubo sa Free, Prior, and Informed Consent (FPIC)

### Karapatang Pantao, Kapayapaan, at Katarungan

- ☑ Kinokondena ang mga paglabag sa karapatang pantao ng mga Katutubo.
- ☑ Naniningil ng pananagutan mula sa administrasyon at mga korporasyon.

### Mga Reporma sa Polisiya

- ☑ Poprotektahan ang mga positibo at susuriin ang mga kontrobersyal na probisyon ng Indigenous Peoples Rights Act (IPRA)
- ☑ Magsasabatas ng mga maka-katutubong bill gaya ng Prevention of Adolescent Pregnancy Bill at Alternative Minerals Management Bill / People's Mining Bill

### Katarungang Panlipunan at Likas-Kayang Kabuhayan

- ☑ Tinataguyod ang de-kalidad na edukasyon at kabuhayan ng mga katutubo.
- ☑ Itinataguyod ang pampublikong pondo upang matiyak ang abot-kayang pampublikong serbisyo tulad ng tubig, kuryente, at kalusugan

### Katutubong Identidad at Kultura

- ☑ Kinikilala ang kinaugaliang pamamahala at kultura ng mga katutubong komunidad
- ☑ Pinoprotektahan at sinusuportahan ang mga IIndigenous Knowledge Systems at Practices (IKSP)

## Alamin ang proseso ng pagboto ng botanteng katutubo

### Accessible Voting Center

Ang COMELEC ay may itinalagang Accessible Voting Center o espesyal na lugar ng botohan para sa mga katutubo na malapit o nasa lugar niyo mismo.

Makipag ugnayan sa lokal na opisina ng COMELEC sa inyong munisipyo para sa karagdagang impormasyon hinggil dito.

**I-scan ang QR code para sa directory ng mga Municipal / City Office ng COMELEC**

### Mga Dapat Tandaan sa Araw ng Halalan

Magdala ng kahit anong valid na government-issued ID para maiwasan ang aberya sa pagkakakilanlan. Kung wala, maaaring magpatotoo sa inyong identidad ang isang kakilala niyo sa parehong presinto.

Kung may katutubo na hindi marunong bumasa o magsulat, maaari siyang samahan ng kanyang kamag-anak, pinagkakatiwalaang kasama sa tahanan, o myembro ng Electoral Board sa inyong voting enter para tumulong.

### May pandaraya? Iulat!

**LENTE**
Legal Network For Truthful Elections
+63 917 106 6265

**NAMFREL**
National Citizens' Movement for Free Elections
(02) 8470 4151

**KONTRA DAYA**
kontradaya@gmail.com
+63 920 833 2296 / +63 945 824 3600

Inihanda ng Legal Rights and Natural Resources Center (LRC)